CITY OF SALISBURY

# New Resident Handbook

Maligayang Pagdating sa Salisbury!

## TAGALOG

CITY OF
Salisbury

# Pangkagipitan at Kapulungang Talaan

## Pangkagipitang talaan

| | |
|---|---|
| Pangkagipitan – Ambulansya, Pulisya, Sunog | 000 |
| Pulisya (hindi pangkagipitan) | 13 14 44 |
| Talaan ng Pangkagipitang Kalinga<br>Libreng panawagan sa telepono na nagbibigay ng kaalaman at payo sa mga taong nangangailangan ng tulong. | 13 16 11 |
| Kabuhayan<br>Isang libreng serbisyo sa telepono na nagbibigay ng impormasyon at payo sa mga taong nangangailangan ng tulong. | 13 11 14 |
| Pangkagipitang Kaalaman Tungkol sa Elektrisidad (24 oras) | 13 13 66 |
| Pangkagipitang Kaalaman Tungkol sa Gas (24 oras) | 1800 808 526 |
| Tulong tungkol sa Kaalaman sa Lason | 13 11 26 |
| Pangkagipitan Kaalaman Tungkol sa Tubig/Imburnal (24 oras) | 1300 883 121 |
| Tulong sa Pangangalaga ng Ngipin sa SA (Makaraan ng Oras nang Paggawa) | 8232 1034 |
| Pangkalusugan Pamahalaan ng Australya<br>Libreng payo kung masama ang pakiramdam at hindi alam kung ano ang gagawin | 1800 022 222 |

## Sangguniang Talaan

Nais namin na maging madali ang pakikipag-usap ninyo sa amin. Ang aming tanggapan ay bukas mula 8.30nu - 5.00nh Lunes Hanggang Biyernes, maliban kung pistang pangilin.

| | |
|---|---|
| Panglungsod na Talaan ng Namimili | 8406 8222 |
| TTY (may kasiraan sa pandinig) | 8406 8596 |
| Sangguniang Talaan (Makaraan ang Oras ng Paggawa) | 8406 8222 |

Web: www.salisbury.sa.gov.au

Email: city@salisbury.sa.gov.au

## Maligayang Pagdating sa Salisbury!

Malugod ka naming tinatanggap bilang bagong mamamayan. Ang Lungsod ng Salisbury ay 25km sa hilagang Adelaide. Ito ay may lawak na 161 kilometrong parisukat mula sa dalampasigan ng Gulf St Vincent hanggang sa Para Escarpment at ibaba ng Mt Lofty Ranges. Kasama dito ang 32 lungsod at may naninirahang humigit-kumulang sa 130,000 mamamayan.

Ang aming Lungsod ay nangunguna sa ibat'ibang kalakal kabilang ang depensa, elektroniks at teknolohiya, at lungsod din ito ng mga pagawaan, pagmumudmod at pagbobodega. Maraming magagandang liwasan, reserba at lawa para sa panaliksik at kasiyahan ng mga mamamayan at dayuhan. Ang lungsod ay may higit na 50 panglungsod aliwan at mga kapisanan, pamilihan, panglungsod na talaan, aklatan, sinehan at ibat'-ibang mga kainan at otel.

Ang Kapulungan ay nagbibigay ng mga serbisyo at programa para sa aming ibat'ibang komunidad kasama ang mga programa para sa matatanda, wika at mga klase para sa kaalaman ng pagbasa at pagsulat at mga pagkakataon sa pagboboluntaryo. Dagdag dito ang Akalatan ng Salisbury ay may mga materyales sa Arabo, Intsik, Italyano, Olandes, Khmer, Aleman, Polish, Griyego, Espanyol, Hindi at Biyetnamis.

### Sentro ng Komunidad

Ang aming sentro ng komunidad ay magkaka-iba at makinang at bawa't komunidad ay nagbibigay ng mga programa sa mga mamamayan. Ang mga Programa ay iba-iba sa bawat' komunidad at pinapalitan sa nakatakdang panahon, maaring kasama ang sumusunod:

- Kasanayan sa Wika at pagbabasa at pagsusulat
- Pagtuturo ng Komputing at teknolohiya
- Mga klase sa pagluluto
- Mga programa sa Palakasan
- Mga Gawain sa Kagalingan at libangan
- Grupo ng Naglalaro
- Mga grupo na nagsusuporta sa Pamilya
- Mga pulong tungkol sa Kaalaman sa Kalusugan
- Pagsulat ng buod, at pagpapayo sa paghanap ng trabaho

Para sa dagdag kaalaman maaring dalawin ang isa sa aming mga komunidad!

### Kinaroroonan ng mga Sentro ng Komunidad

| Sentro ng Komunidad | Telepono | Kinaroroonan |
|---|---|---|
| Bagster Road Community Centre | 8250 4167 | 17 Bagster Road, Salisbury North |
| Burton Community Centre | 8280 8843 | 386 Waterloo Corner Road, Burton |
| Morella Community Centre | 8250 7786 | 90 Kings Road, Parafield Gardens |
| The Paddocks Centre | 8258 8099 | Cnr Bridge and Kesters Roads, Para Hills West |
| Pooraka Farm Community Centre | 8262 5544 | 126 Henderson Avenue, Pooraka |
| Salisbury East Neighborhood Centre | 8285 2055 | 28 Smith Road, Salisbury |
| The Mawson Centre | 8302 5449 | 2-8 Main Street, Mawson Lakes |
| Twelve25 Salisbury Youth Enterprise Centre (12-25 na taon) | 8253 9928 | 17-19 Wiltshire Street, Salisbury SA 5108 |
| Jack Young Centre (Mahigit na 50 gulang) | 8406 8525 | 1 Orange Avenue, Salisbury SA 5108 |
| Para Hills Centre (Mahigit na 50 gulang) | 8395 1520 | Wilkinson Road, Para Hills SA 5096 |

## Mga Serbisyong Aklatan

Ang mga aklatan ng Salisbury ay isang mahusay na lugar para sa mga taong may ibat'ibang gulang at kabansaan upang magkitakita, magbasa, matuto at kumuha ng kaalaman. Ang mga Mamamayan ay maaring humiram ng aklat, musika, DVD's, laruan at mga palaro. Maaring gumamit ng libreng internet, mag-limbag at mag-suri, o makibahagi sa isa sa mga programa ng aklatan gaya ng programa sa mga nagbabakasyon sa paaralan, oras ng kuwentohan at mga samahan ng aklatan.

Ang pagsapi ay libre at makakahiram ang mga tagataguyod ng aklat sa alinmang aklatan sa bansa. Ang mga mamamayan na may kapansanan ay maaring tumanggap ng materyales mula sa libreng Bahay Serbisyo ng Aklatan. Tumawag sa 8406 8341 para sa dagdag na kaalaman.

Ang aklatan ng Salisbury ay nagbibigay rin ng libreng Hukom Pamayapang serbisyo. Ang Hukom Pamayapa ay pinahintulutan sumaksi at patunayan ang maraming opisyal na dokumento. Hindi nangangailangan ng tipan. Para sa oras at lugar, tumawag lang sa 8406 8319.

Ang aming website ay isang malaking pinanggagalingan ng kaalaman tungkol sa mga serbisyo sa aklatan. Maari mong malaman ang mga darating na programa at pagdiriwang, maghanap ng anumang bagay sa aming katalogo, at marami pa.

Kinaroroonan ng Aklatan at Oras ng Pagbubukas

| Sangay | Oras ng Pagbubukas | Telepono | Kinaroroonan |
|---|---|---|---|
| Len Beadell Library | Lunes-Myerkoles & Biyernes 9:30nu-5:30nh, Hwebes 9:30nu-8:00ng, Sabado 9:30nu-3:30nh, Linggo 1:30nh-4:30nh | 8406 8283 | 55 John Street, Salisbury |
| Mawson Lakes Library | Lunes & Myerkoles 9:30nu-5:00nh, Martes &Hwebes 9:30nu-7:00ng, Biyernes 9:30nu-5:00nh, Sabado 10nu -4nh, Linggo 2nh-5nh | 8302 5555 | 2-8 Main Street, Mawson Lakes |
| Para Hills Library | Lunes-Myerkoles & Biyernes 9:30nu-5:30nh, Hwebes 9:30nu-7:00ng Sabado 10nu-1nh, Linggo Sarado | 8264 2512 | Wilkinson Road, Para Hills |
| Salisbury West Library | Lunes-Myerkoles & Biyernes 9:30nu-5:30nh, Hwebes 9:30nu-8:00ng, Sabado 9:30nu-12:30nh, Linggo Sarado | 8258 2788 | Hollywood Boulevard, Salisbury Downs |
| Ingle Farm Library | Lunes-Myerkoles & Biyernes 9:30nu-5:30nh, Hwebes 9:30nu -8:00ng, Sabado 9:30nu-3:30nh, Linggo 1:30nh-4:30nh | 8265 4717 | Beovich Road, Ingle Farm |

## Mga Kaluwagan sa Paglalaro

Ang palakasan at libangan ay ang pinakamahalagang aspeto ng pang-araw-araw na kabuhayan sa Salisbury. Ang aming mga sentro ng libangan ay bukas araw-araw at nagbibigay ng malawak na programa na ginawa upang ikaw ay may aliwan at matuto ng mga bagay na bago.

Kasama sa aming programa ang Basketbol, Netbol, Bowls, Putbol, Pang-loob na Kriket, Squash at Raketbol, Badminton, Dyimnastiks, Karate, Isketing, Kindidyim, Pingpong, Balibol, Paglalangoy at Tenis.

Kinaroroonan ng mga Sentro sa Libangan

| Sentro ng Libangan | Telepono | Kinaroroonan |
|---|---|---|
| Parafield Gardens Recreation Centre | 8281 4888 | Cnr Kings & Martins Road, Parafield Gardens |
| Ingle Farm Recreation Centre | 8263 0411 | Corner Beovich Road & Roopena Street, Ingle Farm |
| Salisbury Recreation Precinct | 8258 1713 | Waterloo Corner Road, Salisbury North |

### Mga Liwasan at Reserba

Ang Lungsod ng Salisbury ay maraming magagandang liwasan, reserba, lawa at palaruan para sa pananaliksik at kasiyahan ng mga mamamayan at dayuhan. Ipinagmamalaki ng Salisbury ang mahigit na 130 liwasan at reserba at mahigit na 50 kilometrong landas sa paglalakad.

Mga landas sa paglalakad at pagbibisekleta ay naitatag sa maraming mga reserba at lawa kasama ang Landas ng Little Para, ang Landas ng Woodliparri sa Kaurna Park, at Dry Creek Linear Park. Karamihan sa malalaking liwasan at

reserba ay mayroong walang-panganib na palaruan sa mga bata, mga pook sa pagpipiknik at libreng BBQs.

Mga supot para sa aso ay tinutustos sa bawat liwasan at mahalagang tandaan ng mga may-ari ng aso na kailangan nilang maglinis pagkatapos mag-dumi ang kanilang aso kung nasa pambayang kapaligiran. Sa labas ng liwasan ng mga aso, maraming reserba at mga pook na bukas na mula sa oras na 6.30ng at 8.00nu ang mga aso ay maaring payagan kumawala. Pumindot here para sa mapa ng isang liwasan para sa mga aso malapit sa iyo.

Mga Pangunahing Liwasan

| Pangalan ng Liwasan | Kinaroroonan |
|---|---|
| Harry Bowey Reserve | Riverside Drive, Salisbury Park |
| Carisbrooke Park | Main North Road, Salisbury Park |
| Pitman Park | Main entrance of Commercial Road, Salisbury |
| Unity Park<br>*Isang Palaruan na Mararating ng mga batang may kapansanan.* | South Terrace, Pooraka |
| Watershed Wetlands<br>*Watershed Café at Sentro ng Gawain* | Salisbury highway, Mawson Lakes |
| St Kilda and Mangrove Trail<br>*Palaruan ng pampook na pakikipagsapalaran at lakad pangkalikasan* | Mangrove Street, St Kilda |
| Paddocks Reserve and Wetlands | Corner Bridge and Maxwell Roads, Para Hills |
| Kaurna Park<br>*Makasaysayan at Katutubong Landas ng Woodliparri* | Waterloo Corner Road, Burton |

## Koleksiyon ng Basura sa Salisbury

Inaalis ng Lungsod ng Salisbury ang laman ng iyong mga basurahan ng libre. Lahat ng basura ay kailangan ilagay sa mga basurahan para makolekta.

May tatlong ibat'ibang uri ng basurahan na maaring mong gamitin, bawat' isa ay isang klase ng basura:

1. Ang kulay berde na ang takip ay kulay dilaw ay para sa mga bagay na resayklabol kasama dito ang mga plastic na botelya, lata, papel, mga garapon, boteng babasagin, at mga karton. Ang mga ito ay resayklabol, ibig sabihin, sila ay kinokolekta, pinagbubukod ayon sa uri at dinudurog upang gawin ibang bagay. Inaalisan ang basurahan ng laman tuwing kamakalawa o minsan sa dalawang linggo.
2. Ang mas maliit na kulay berdeng basurahan na may pulang takip ay para sa normal na pambahay na basura at inaalisan ng laman minsan sa isang linggo ng Kapulungan.
3. Ang basurahan para sa hardin ay maaring bilhin at ito ay para sa mga pinutol sa hardin, damo at mga dahon. Ito ay isang malaking berdeng basurahan na ang takip ay kulay berde. Ang basurahang ito ay inaalisan ng laman minsan sa dalawang linggo kasalungat sa resayklabol na basurahan na ang takip ay kulay dilaw. Libre ang pag-alis ng laman nito ngunit dapat ito ay rehistrado.

### Mahalagang Paunawa

Ang mga basurahan ay dapat ilagay sa tabi ng kalye sa labas ngunit sa harap ng iyong pag-aari bago 7:00nu sa araw na kokolektahin ito. Ang basurahan ay dapat nakalagay sa tabi ng kalye na ang takip ay nabubuksan patungo sa kalye, may maliit na agwat bawa't isa – dapat nakasara ang takip.

### Natatanging Paglikom ng Basura: Mabibigat na Basura

Kung ikaw ay mayroon mga gamit gaya ng muebles, kasangkapan o mga elektronik na hindi mo na kailangan at ibig mong itapon, may dalawa kang pagpipilian para sa pangongolekta ng mga mabigat na basura:

1. Ang Sistema ng Resibo – nagbibigay sa mga mamamayan ng karapatan upang makapunta sa Estasyon sa Paglilipat ng Basura – ng walang bayad, o isang kargada sa isang taon.
2. Maari kang maglaan ng $10 sa loob ng isang buwan para ang mabibigat na basura ay makuha sa iyong pamamahay

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pambahay na basura, pagreresaykling, basura sa hardin at ang pagkuha ng basura, tumawag sa Northern Adelaide Waste Management Authority (NAWMA) sa **FREECALL** 1800 111 004. (Libreng Tawag)

## Ang Pamumuhay sa Salisbury

Maraming bagay ang kailangan mong malaman upang maging buo at maging masaya sa pagtira dito, kaya nagbibigay kami ng mga impormasyon sa pagtulong sa iyong pagsuri. Maari ka rin mag-download sa community directory.

### Mga Paaralan at Pangangalaga ng Bata

Mayroong 44 pampubliko at pribadong paaralan at 30 sentro ng pagkakalinga sa mga bata dito sa Salisbury na nag-aalok ng ibat'ibang opsiyon sa edukasyon, may relihiyon o wala. Para sa dagdag na impormasyon makipag-alam sa Serbisyo ng Kagawaran ng Edukasyon at Kabataan. Libreng Tawag: 1800 088 158 o bumisita sa www.decs.sa.gov.au

### Pambayang Sasakyan

Ang Salisbury ay may mahusay na pambayang sasakyan sa pamamagitan ng bus at tren nag-uugnay sa Adelaide at mga sentro na pampurok. Para sa oras at ibang impormasyon makipag-alam sa Adelaide Metro Linya 8210 1000 o bumisita sa www.adelaidemetro.com.au

### Mga Programa ng Kabataan

Ang Salisbury ay may ilang programa upang suportahan ang kabataang nagkaka-edad 12 hanggang 25 taon at kanilang mga pamilya. Mayroon ring mga ahensya ng kabataan at serbisyo sa labas ng Kapulungan, para sa impormasyon, makipag-alam sa Serbisyo ng Impormasyon sa Komunidad ng Salisbury sa 8406 8533.

## Serbisyo sa Positibong Pagtanda

Ang Serbisyo sa Positibong Pagtanda ay nagbibigay ng Sentro ng Komunidad para sa mga taong higit na 50 taon, upang magtagpo sa isat'isa, makisali sa mga gawain at makakita ng suporta sa mga problema na kanilang nararanasan. Ito ay makikita sa Sentro ng Jack Young, telepono 8258 7286, at Sentro ng Para Hills, telepono 8395 1520.

## Serbisyong Pangkalusugan

Mayroon dalawang pambayang ospital sa hilagang rehiyon, ang Ospital ng Lyell McEwin at Ospital ng Modbury, kasama ang Ospital ng Royal Adelaide(Royal Adelaide Hospital) at Ospital ng mga Babae at Kabataan(Women's & Childrens' Hospital) sa Adelaide. Ang Sentro ng Pangangalaga sa Unang Kalusugan (Primary Health Care Centre) ng Salisbury ay makikita sa Hollywood Boulevard, Salisbury Downs, telepono 8281 7644.

## Mga Serbisyo sa Trabaho at Kasanayan

Ang serbisyo ng Trabaho at kasanayan ay mahusay na kinakatawan ng Salisbury. Katangi-tangi, ang Kapulungan ay nangangasiwa ng isang libreng paghahanap ng trabaho sa komunidad, kasanayan at serbisyo ng pagboboluntaryo sa pamamagitan ng Sentro sa Pag-unlad ngTungkulin at Pagtrabaho na nasa John Street, Salisbury, telepono 1800 619 933.

## Pagkamamamayan

Upang maging mamamayan ng Australya maari kang kumuha ng isang kahilingan sa Kagawaran ng Imigrasyon, telepono 13 18 80. Ang seremonya sa pagkamamamayan sa Lungsod ng Salisbury ay ginagawa maraming beses at ibat'ibang oras sa loob ng isang taon. Upang mas may kaalaman, makipag-alam sa Kapulungan sa 8406 8222.

## Mga Lugar sa Pagsamba

Salisbury ay isang komunidad na may ibat'ibang relihiyon at pangalan.Para sa dagdag na impormasyon sa alinman mga serbisyong ito, kumonsulta sa Direktoryo ng Impormasyon sa Komunidad (Community Information Directory) o makipag-alam sa Sentro ng Impormasyon sa Komunidad sa Salisbury sa 8406 8533.

## Pagboboluntaryo

Ang pagboboluntaryo ay isang mainam na paraan upang makipagkaibigan at makipag-ugnay sa komunidad, at maglinang ng mga bagong kasanayan at tiwala sa sarili. Ang Lungsod ng Salisbury ay tinutugon ang isang programa sa pagboboluntaryo, makipag-ugnay sa mga tao kasama ang mga pagkakataon makapagtrabaho mula sa kusina hanggang sa mga paglibot sa lawa ng Salisbury at lahat na. Para sa dagdag na impormasyon, makipag-alam sa Namamahala sa Serbisyo sa Pagboboluntaryo sa 8406 8475.

City of Salisbury
12 James Street
Salisbury SA 5108
T: 8406 8222
F: 8281 5466
www.salisbury.sa.gov.au